[Impormasyon ng Pakikipag-ugnayan para sa Mga Problema]

■Call Center ng Rental Smartphone
TEL: 0570-010-616 (sa Japanese lang)
Maaaring hindi naa-access sa ilang IP phone.
Sa sitwasyong iyon, pakitawagan ang sumusunod na numero ng telepono.
TEL: 043-332-9957 (sa Japanese lang)
Oras ng kung kailan bukas: 9:00 a.m. hanggang 5:40 p.m.
(Lunes hanggang Biyernes)
(hindi kasama ang mga pampubliko at pangkumpanyang holiday)

* Available lang sa Japanese.
* Pakisabihan ang taong may hawak ng kontrata sa kumpanya na makipag-ugnayan sa amin.

[Paano Inaasikaso ang Mga Problema]

Gagarantiyahan ka sa pamamagitan ng sumusunod na tatlong simpleng hakbang.



* Ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nakalista sa itaas sa [Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan para sa Mga Problema].

R418SHM05F/CPPLCDHNA
A1808-200·TJ·KJ

SHARP

Polyeto ng Paliwanag sa Plano ng Espesyal na Pangangalaga ng J-STAY

Salamat sa pag-subscribe sa "Plano ng Espesyal na Pangangalaga" para sa aming serbisyo ng smartphone rental.

Ang dokumentong ito ay ang polyeto ng paliwanag para sa Plano ng Espesyal na Pangangalaga.

Pakibasa ang buong polyetong ito at itago ito sa ligtas na lugar hanggang sa katapusan ng panahon ng kontrata.

[Package ng Warranty]

Isa itong plano ng serbisyo laban sa iba't ibang problema, kung sakaling magkaroon ng mga nasabing problema sa panahon ng rental.

	Plano ng Espesyal na Pangangalaga	Walang subscription
Mga biglaang pagkasira*1	Pagpapalit bago matanggap ang sirang smartphone (Walang kompensasyon)	Pagpapalit pagkatapos matanggap ang sirang smartphone (Walang kompensasyon)
Bahagyang pagkasira (Sira sa display, Sira sa case, atbp.)	Pagpapalit bago matanggap ang sirang smartphone *2	Kompensasyon: Mga pagkukumpuni
Sirang hindi na makukumpuni / Pagkabasa	Pagpapalit bago matanggap ang sirang smartphone *3	Hindi sakop
Pagkanakaw / Pagkawala		
Singil sa pagpapadala	Binayaran ng Sharp	Binayaran ng customer *4
Pagkalaspag ng mga consumable (mga baterya)	Kompensasyon: Mga pagkukumpuni	

*1: Ang mga biglaang pagkasira ay ang mga pagkasirang nangyayari kahit na ginamit nang normal ang handset alinsunod sa mga panutong nakasulat sa Manual ng User, mga label ng babala sa handset, atbp.
*2: 3,000 yen ang ibabayad kada smartphone sa tuwing gagamitin ang serbisyong ito. (Hanggang dalawang beses kada taon)
*3: 6,000 yen ang ibabayad kada smartphone sa tuwing gagamitin ang serbisyong ito. (Hanggang dalawang beses kada taon)
*4: Hindi kasama ang mga biglaang pagkasira na nangyari sa loob ng panahong sakop ng warranty ng manufacturer.

[Mga Babala]

1. Ang ipapalit na telepono ay isang na-refurbish na produktong kinumpuni, inayos, at inispeksyon namin.
2. Kadalasan, ang na-refurbish na produkto sa itaas ay kapareho ng modelo ng rental smartphone. Gayunpaman, depende sa sitwasyon, maaaring maiba ang modelo ng ipapalit na telepono.
3. Ang main body lang ng smartphone ang sakop ng Plano ng Espesyal na Pangangalaga.
   Kapag papapalitan ang iyong rental smartphone, siguraduhing aalisin mo ang anumang accessory gaya ng mga SIM card at SD card bago mo ito papalitan.
4. Nalalapat din ito sa mga strap at sticker na maaaring inilagay mo sa iyong rental smartphone.
5. Pakitandaan na maaaring itapon ang anumang accessory o dekorasyong hindi inalis noong natanggap namin ang rental smartphone.
6. Hindi kami nag-aalok ng mga serbisyo upang mag-replicate o mag-restore ng data o mga application, at hindi rin kami mananagot para sa nawalang data o mga application.
7. Hindi kami mananagot para sa danyos na dulot ng kawalan ng kakayahang gamitin ang rental smartphone.
8. Susuriin namin ang dahilan ng problema pagkatapos makuha ang sirang smartphone.
   Depende sa mga resulta ng pagsusuri, maaaring mangailangan ng deductible. Papabayaran sa iyo ang halagang ito kasama ng mga singil sa paggamit.
9. Para sa iba pang babala, siguraduhing babasahin mo ang mga tuntunin ng serbisyo na kinumpirma mo noong nag-subscribe ka sa Plano ng Espesyal na Pangangalaga.